## Paraan ng Paggawa

1. Hugasan ang mga sangkap at materyales.
2. Balatan ang bawang at luya. Timbangin. Hiwain ang mga sangkap nang may katamtamang sukat.
3. Ilagay ang mga sangkap sa malinis na lagayan at haluing mabuti kasama ang muscovado o *molasses*.
4. Linisan ang pinakaibabaw ng timba at takipan ng may dalawang manila paper o katsa at talian ng goma o masking tape.
5. Lagyan ng *label* kung anong mga sangkap ang ginamit, kailan ginawa at kailan aanihin.
6. Pagkalipas ng 3 araw, buksan ang *concoction* at ilagay ang 2.2 litrong sukang tuba.
7. Linisin ang bukana ng balde at Takpan muli ng manila paper at talian ng malinis na panali.
8. Lagyan ng label kung anong sangkap at kailan nilagyan at kalian aanihin.
9. Makalipas ng 7 araw, buksan at salain ng mabuti ang concoction.
10. Ilagay sa ibang malinis na lalagyan ang unang nakuha na katas ay para sa alagang hayop
11. Maaaring gawing concoction na pang-insekto ang OHN. Lagyan lamang ng sili, makabuhay at molasses. Sundin muli ang unang proseso at buruhin muli nang 7 araw.


Pinagkuhanan ng Teknolohiya

**Quezon National Agricultural School (QNAS)**

A TESDA-accredited school

Department of Agriculture

**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**

**Regional Training Center - MIMAROPA**

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

ati.da.gov.ph/ati-4b

dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph

(043) 738-3663; 0998-539-4229

@atimimaropa



**FARMERS CONTACT CENTER**

*"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"*

1-800-10-982-2474 *(Provincial toll-free)*

0920-946-2474

ati.da.gov.ph

elearn.e-extension.gov.ph

info@e-extension.gov.ph





# OHN

## Oriental Herbal Nutrient


## ORIENTAL HERBAL NUTRIENT (OHN)

Ang OHN ay isang uri ng *concoction* na gawa sa maaanghang na sangkap at maaamoy na halaman. Mabisa itong pantaboy ng iba't-ibang uri ng insekto at peste sa halaman. Ito rin ay pampalakas ng *immune system* ng mga hayop.

### Mga Sangkap at materyales


1 kilo ng luya


1 kilo ng bawang



2.2 litro ng sukang tuba


200 gramo ng muscovado o molasses


Malinis na timba o *container*


Manila paper o katsa


net


Masking tape


Kutsilyo at tadtaran


200 gramo ng sili


100 gramo ng makabuhay

### Paraan ng Paggawa

1. Linisin at hugasan ang sangkap at materyales. Patigisin ang tubig sa looban ng limang (5) minuto.
2. Balatan ang bawang at luya. Timbangin.
3. Hiwain ang mga sangkap nang may katamtamang sukat.




4. Ilagay ang mga sangkap sa malinis na lagayan. Haluin nang mabuti ang luya at bawang kasama ang muscovado o *molasses*.





5. Linisan ang pinakaibabaw ng timba o *container* at takipan ng dalawang *manila paper* o katsa at talian ng goma. Maaari ring gumamit ng *masking tape*.




6. Lagyan ng *label* kung anong mga sangkap, kailan ginawa at kailan aanihin.
7. Iimbak ito sa madilim at malinis na lugar at buruhin ito sa loob ng tatlong (3) araw.
8. Pagkalipas ng 3 araw, buksan ang *concoction* at ilagay ang 2.2 litrong sukang tuba.



9. Linisin ang bukana ng timba o *container*, takpan ng *manila paper* at talian muli.
10. Lagyan muli ng *label* kung anong sangkap at kailan nilagyan ng suka at kalian aanihin.




11. Makalipas ng 7 araw, buksan at salain ng mabuti ang *concoction.*
12. Ilagay sa isang malinis na lalagyan ang unang nakuhang katas. Ang unang nakuha na katas ay para sa alagang hayop.
13. Ang OHN ay maaaring gamitin nang 4 na beses. Lagyan lamang ng ibang sangkap tulad ng sili, makabuhay at *molasses* (para pang-insekto) at sundin ang naunang proseso. Buruhin muli ito nang 7 araw.

### Paraan ng Paggamit

- Ihalo ang dalawang (2) kutsarang OHN sa 1 litrong malinis na tubig.

### Mainam na Paggagamitan

- Hayop
  Ihalo sa inuming tubig ng alagang hayop 2 kutsara sa 1 litrong tubig. Ipainom ito 2 beses sa isang linggo.

- Halaman
  Idilig o spray sa halaman malapit sa lupa, 1 hanggang 2 beses sa isang linggo.

*Ang OHN ay tumatagal hanggang anim (6) na buwan.*